**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE ASEC. DALE DE VERA WITH THE DEPARTMENT OF TRANSPORTATION SECRETARY JAIME BAUTISTA; DOTR UNDERSECRETARY JESUS FERDINAND ORTEGA; DOTR ASSISTANT SECRETARY JOSE LIM IV; LAND TRANSPORTATION OFFICE CHIEF ATTY. VIGOR MENDOZA II; LAND TRANSPORTATION FRANCHISING AND REGULATORY BOARD CHAIRPERSON ATTY. TEOFILO GUADIZ III; AND TOLL REGULATORY BOARD EXECUTIVE DIRECTOR ATTY. ALVIN CARULLO**

**September 23, 2024 [11:16 A.M. – 12:01 P.M.]**

**PCO ASEC. DE VERA:** Magandang umaga, Malacañang Press Corps. Welcome muli sa ating press briefing ngayong araw, September 23.

Bilang tugon sa isinagawang tigil-pasada ng ilang transport groups, nagbigay ng libreng-sakay ang pamahalaan sa mga commuters na apektado ng ikalawang araw ng transport strike simula ngayong Lunes. Alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., nananatili ang pagpapatupad ng public transport modernization program. Inaasahan na rin ang pagpapatupad sa October 1 ng penalty sa mga motorista na wala pang electronic toll collection o ETC at may kulang na balanse sa kanilang radio frequency identification devices or RFID.

Para bigyan pa tayo ng detalye kaugnay sa mga ito, kasama natin ngayon sina Department of Transportation Secretary Jaime Bautista, Undersecretary Andy Ortega, Assistant Secretary Jose Lim IV; LTO Chief Atty. Vigor Mendoza II; Land Transportation Franchising and Regulatory Board Chairperson Atty. Teofilo Guadiz III; at Toll Regulatory Board Executive Director Atty. Alvin Carullo. Good morning, gentlemen. Let's begin with Secretary Bautista. Sir?

**DOTR SEC. BAUTISTA:** Thank you, Asec. Dale. And also, I'd like to thank my former colleague sa Department of Transportation, si Secretary Cesar Chavez, for giving us the opportunity to update the Malacañang Press Corps on the further deferment of the implementation of penalties for the revised tollways guidelines. At the same time, we are here to give our response to the ongoing transport strike of the two groups 'no.

On the tollways deferment, we are extending to January next year the implementation of the penalties, not the whole program of cashless expressways under the Joint Memorandum Circular 2024-001.

We are collating inputs from recent consultation meetings with various tollway stakeholders, including information and profile of violators. This information will be used to make any amendments to the joint memorandum circular. Let us not lose sight of the goal 'no – convenient and traffic-less travels at all expressways using cashless toll exits.

On the ongoing transportation strike, we cannot turn our back to the vast majority of transport groups who understand and subscribe to the public transport modernization program. The call of PISTON and

Manibela to scarp the program is non-negotiable. These two groups cannot be allowed to derail the program. We are working on how to heed the instruction of Senate President Chiz Escudero so that no one gets left behind.

Thank you and we will be happy to answer any questions, together with my colleagues from the Department of Transportation. Good morning.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you, Sec. Bautista. Usec. Andy?

**DOTR USEC. ORTEGA:** Good morning. On the ongoing rally of the two groups, nagpapasalamat po kami sa lahat ng members ng Inter-Agency Task Force, sa laki ng tulong nila in handling today's event. We are maintaining and continuing our program of zero stranded passengers sa nangyayari today, and malaki pong pasasalamat natin sa mga kasamahan natin sa different LGUs, MMDA, PNP. Kasama rin po natin dito iyong ating mga tiga-LTO and LTFRB. Magandang umaga po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you, Usec. Andy. Questions from the press? Tuesday Niu, DZBB.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Good morning, gentlemen. Full force po kayo ngayon. As of this time po ba, mayroon na pong reported na mga na-stranded na pasahero o may epekto ba itong unang araw ng transport strike ng two groups?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Sasagutin ko po iyan. Ikinagagalak ko pong sabihin sa inyo na sa ngayon po ay wala pong na-stranded na pasahero in all these spots na minu-monitor po namin.

Unang-una po, kakaunti lang po iyong mga sumama doon sa transport strike; pangalawa, mayroon po kaming nakahandang libreng-sakay; and then pangatlo po, nandoon po ang PNP to maintain peace and order para doon sa mga dyip na … para sa mga operators na namimilit po na sumama iyong mga kasamahan nila sa strike. So as of this time ho, wala hong na-stranded ni isang pasahero.

**PCO ASEC. DE VERA:** Next question, Eden Santos, NET25.

**EDEN SANTOS/NET25:** Good morning po, Secretary and gentlemen. Welcome po sa Malacañang press briefing.

Kasi po lagi naman pong nagkakaroon ng mga transport strike 'di po ba, at laging sinasabi natin iyong mga libreng sakay. Ito po zero stranded sabi ninyo 'no, eh masyado pang maaga para mag-declare po tayo ng zero stranded. Dahil iyon pong mga libreng sakay minsan ay nagiging problema po natin, iyong mga sasakyang itinalaga po doon, nilalagpasan lang po nila iyong mga pasaherong na-stranded, na walang masakyan. Mayroon po ba tayong mga nasa kalsada para mag-monitor ng mga ganito pong pangyayari para naman ma-sure natin na makarating at makauwi po nang ligtas iyong ating mga kababayan na pumasok sa eskuwelahan, pumasok sa trabaho?

**DOTR USEC. ORTEGA:** Yeah, good morning, Ms. Eden. Yeah, tama po kayo 'no. Ang ginagawa po ng Inter-Agency through the leadership of LTFRB po 'no, talagang bawat LGUs especially, there are seven points

po iyan na parang iyon iyong mga lugar na normally po ay nandoon iyong dalawang grupo, minu-monitor po natin iyan.

Unang-una, dinidispatsa natin iyong libreng-sakay kung talagang kailangan lang. Kasi hindi po natin puwedeng idispatsa ito kung maayos naman po iyong takbo at natutugunan ang mga consolidated transportation groups, iyong mga kooperatiba at asosasyon, iyong needs ng sa kalye po. Kasi mahirap naman po kung maglibreng sakay tayo tapos apektado iyong mga pumapasada po.

But regarding your concern po, rest assured po na we will maximize and use properly iyong ating libreng-sakay. At tama po kayo, hindi pa po tapos iyong araw but we see the flow of the half of the day that it will continue po hanggang mamayang hapon at hanggang bukas na rin po.

**EDEN SANTOS/NET25:** Clarification lang po. Usec,. iyon pong mga cooperatives, katuwang po natin. So mag-o-augment lang po iyong mga LGUs and like AFP, PNP, iyong kanilang mga libreng-sakay kapag kailangan po talaga, na mas marami na iyong mga pasaherong nasa kalsada?

**DOTR USEC. ORTEGA:** Yeah, iyon po iyong pinaka-objective – they will only augment or papasok lang po sila kung may aktuwal or nakikita po kaming problema po doon. Kasi tandaan po natin, 83% po ng buong transportation sector ay sumama po sa programa, and that number po kung titingnan natin is enough po para matugunan iyong pangangailangan ng ating mga commuters po.

**EDEN SANTOS/NET25:** Iyon po bang mga cooperatives and association na mag-o-augment, babayaran po ba sila ng government o iyon po ay parang tulong na rin nila sa ating mga pasahero? Iyong mga pasahero po ba ay may babayarang pamasahe o libre po iyon?

**DOTR SEC. BAUTISTA:** Alam mo, Eden, iyong mga cooperatives na nagsusuporta, sila iyong mga operators ‘no. So maniningil pa rin sila doon sa mga pasahero. Eh parang normal operations lang sila kaya hindi naman sila mawawalan ng income kaya hindi sila kailangang bayaran ng gobyerno.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you, Eden. Next question, Katrina Domingo, ABS-CBN.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Good morning, sir. How much is the government spending for every chance that it mounts a libreng-sakay operations?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Unang-una po, halos wala pong ginagastos ang gobyerno riyan. And this time ho, dahil wala naman pong na-stranded na pasahero, as of this time, wala pa pong nagagastos. But normally ho, libreng-sakay, it’s the MMDA po ang in-charge po niyan at sila po ang nakakaalam kung magkano po iyong mga ginagastos po natin.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Follow-up question po. What is the government’s plan to convince the remaining, more or less, 15% to finally join the program?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Ako na po ang sasagot niyan. Unang-una po, pagkatapos po naming pumunta sa Senado, napag-usapan po namin na iyong mga hindi pa ho sumasama sa programa

ng gobyerno ay bibigyan ho namin ng pagkakataon – they can join existing cooperatives and corporations. Pero hindi ho sila puwedeng bumuo ng korporasyon o cooperative. They will just be there to join. In fairness naman po, doon sa mga nandoon na sa mga rutang iyon at sila na po ang bumabaybay. Salamat po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you, Kat. Next question, Allan Francisco, PTV.

**ALLAN FRANCISCO/PTV:** Hi, sir. Follow-up lang sa question ni Kat. Ano, sir, usually ang sinasabing reason nitong almost 15%, bakit hindi pa rin sila nagjo-join sa programa?

**DOTR USEC. ORTEGA:** To clarify, when we talk about percentage, hundred percent supposedly consolidation and then umabot na po tayo ng 83%. So, we have 17%. But iyong numero po na hindi talaga or ayaw mag-consolidate and we are talking of the groups, that's more or less mga 5% po iyon. Kasi may malaking porsyento po nung ating mga operators po even though they are counted sa number to be consolidate, ilang taon na po silang hindi pumapasada. So, in terms of them, pumapasada, 2021, 2o22, 2023. Marami po hindi na nagre-register sa LTO, so talagang hindi na sila pumapasada.

But if we look at the numbers na natitira na puwedeng mag-consolidate ngunit ayaw, we are looking at 5%. Now, going sa inyong question po, Mr. Francisco, noon pa nila sinasabi, four years na na ayaw talaga nilang mag-consolidate, which on the part of the government, sa gobyerno para maging successful iyong programa, kailangan talaga mag-consolidate. Sumama po kayo sa isang kooperatiba or korporasyon, because the strength of the group is what's needed to be successful as an organization, as a business entity at para makatulong nang maayos sa programa po.

So, siguro po sa tanong ninyo, talagang ang number one reason nila is, ayaw lang nila na bumuo at sumama sa isang kooperatiba or korporasyon. And, para po sa parte ng gobyerno, sabi nga po, that is non-negotiable, dahil iyon po iyong puso, iyon po iyong malaking porsyento po ng ating programa.

**ALLAN FRANCISCO/PTV:** Sir, follow-up lang sa isang statement kanina na nandoon ang PNP para iyong mga namimilit na sumama sa transport strike. Ano, sir, iyong update ng PNP, mayroon bang mga nai-ulat na ganoong incident na so far?

**DOTR ASEC.JOSE LIM IV:** As of now, wala naman pong mga violent na nangyari sa mga daan po. As far as 30-minutes ago, we are monitoring it, with the PNP, wala pong nangyayaring kaguluhan. Thank you.

**ALLAN FRANCISCO/PTV:** At, sir, malinaw kung sakaling mamilit may parusa, hindi puwedeng mamilit, sir? Pakilinaw lang iyon, sir.

**DOTR ASEC.JOSE LIM IV:** Opo, may parusa po at saka nandoon po iyong PNP para po tumulong to insure iyong safety ng public transport and LTO is also there to assist the PNP. Thank you.

**CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL:** Sir, just a quick follow-up on Mr. Francisco's question kanina. What will the government do about it, doon sa hindi sa sasama sa consolidation, huhulihin, kakasuhan?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Unang-una po, iyong mga hindi na po sumama sa consolidation ngayon are already considered as colorum. So, kapag sila po ay bumaybay sa kalsada po, puwede na po sila hulihin on two grounds. Unang-una po, wala kang prangkisa and then, pangalawa po, for failure to register, puwede po kayong hulihin ng LTO, nandito po si Asec. Vigor Mendoza na puwede pong manghuli sa kanila. Iyon naman pong iba on the positive note po, iyong mga hindi po sumama ay may programa rin po ang gobyerno na social component po ito. Iyong tinatawag nating TESDA training po. Marami po kaming ganoon, iyon talagang after the pandemic, ayaw na nilang pumasada, we give them training sa TESDA and we give them compensation also, parang panimula sa negosyo.

**CHONA YU/PEOPLE'S JOURNAL:** Sir, may mga nahuli na po ba?

**LTO CHIEF ATTY. MENDOZA II:** Ang mga nahuhuli po ngayon, iyong mga hindi rehistrado. Pero, sinasabi po namin sa kanila, puwede naman sila magrehistro as a private vehicle. Hindi naman natin inaalis iyong pagkakataon po, kapag roadworthy po sila, puwede po silang magrehistro, pero tuluy-tuloy po ang panghuhuli natin, iyong mga unregistered. Hindi na po natin tinatanong kung consolidated, unconsolidated, basta hindi po kayo rehistrado, eh mahuhuli po kayo.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Good morning, sir. Sir, regarding dito sa RFID, kasi maraming nagkakaproblema dito. Usually mayroong one-timer lang na pupunta doon sa probinsya, kailangan pa bang mag-RFID pa siya o do we need cash na lang?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** Tungkol po diyan, nagkaroon po tayo ng polisiya na maglalaan po tayo ng dedicated lane para sa cash, so, ite-treat po siya, ang tinatawag po namin diyan exceptional transaction. So, kung kayo po intermittent o paminsan-minsan lang kayo pumupunta dito sa Maynila, at galing kayo sa probinsya, puwede po kayong magbayad ng cash doon sa dedicated lane. Kailangan lang po mayroon tayong signages sa ating tollway na keep right, cash lane. So doon po kayo pupunta para magbayad. Hindi po kayong puwedeng—kung wala po kayong RFID, hindi lang kayo puwedeng pumasok doon sa tinatawag nating RFID lane, kasi bawal po iyon.

Ngayon, kung gusto talaga ninyong magbayad ng cash, doon po tayo sa dedicated lane for exceptional transaction specifically for cash po.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Sir, iisa na lang po ba iyong unified RFID?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** Ang tawag po sa ating programa na iyan, iyong interoperability. So, at this time, ang ating interoperability project, nasa phase 3 na po tayo. Hopefully, iisa na lang po ang magiging wallet at saka tinatawag nating RFID. At balak po naming ipatupad ito early next year din po.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Pero, sir, until now po, nagkakaroon tayo ng problema ngayon sa RFID. Ngayon, minsan nag-away-away dahil doon sa pila. Ano ang magagawa natin dito para mapadali, kasi problema po ito?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** Opo. Kaya nga po natin ipinasa iyong ating JMC iyong Joint Memorandum Circular, para maresolba natin iyong problema natin sa toll lane, iyon pong tinatawag

natin na no RFID, no entry. Saka iyong isa po no insufficient load, no entry. So, ang goal po ng ating Joint Memorandum Circular, eh para po mayroon tayong guideline para sa ating motorista na susundin, para po iyong tinatawag nating toll queuing o paghaba ng traffic sa ating mga toll lane eh maiwasan.

Ngayon po, nakita po natin, kasi ayon sa aming datos na nakuha noong Mayo 2024. Ang bilang po ng ating motorista na walang RFID, mga 4.8%. So, out of that, iyong 95.2 po, mayroon na po iyang mga RFID, so ang pinoproblema na lang natin iyon 4.8%. Ang nakakalungkot lang po, iyong doon po sa ating 95.2, mga 3.6% po diyan, hindi naglo-load ng tama or iyong may mga insufficient load. So, ito po iyong istatistika na nakita namin, kaya po kami nagpapatupad sana ng JMC,

Ngayon, mayroon talaga tayong—hindi po natin maikakaila, mayroon din tayong problema sa mga operational system issues po ng ating mga toll operators. Hindi po natin maipagkakaila iyan. Ngayon, doon naman po, ang istatistika namin diyan is, almost 6.76% po, out of 7.8% ng mga manual transaction o ito iyong mga namomroblema tayo, hindi nagiging successful iyong ETC transaction, eh ang dulo po nito ay depektibong RFID tag, ibig sabihin po, iyong mga RFID tag natin ay medyo pumapalya na, tapos iyong rest po, iyong mga .70 plus percent, iyon po iyong mga operational issues. Ito po iyong mga reader po sa ating tollway, hindi na po nababasa, dahil po hindi gaanong name-maintain.

So, nakita na po natin ito. So, ang toll Regulatory Board in coordination with my mother agency po namin, DOTr, we directed the toll operators to conduct intensive replacement program po ng mga RFID natin, para maayos po iyong RFID tag. Hopefully po, kapag nagawa natin ito, by January 2025 or onwards, kung makita natin na okay na po iyong sistema ay ipu-fully implement na po natin nag Joint Memorandum Circular.

Ngayon po, kaya namin napagkasunduan na i-suspend muna o i-defer iyong implementation, lalo na po iyong mga penalty, eh nakikita natin, may problema din talaga iyong sistema. So, bibigyan natin ng pagkakataon iyong toll operators na ayusin iyong sistema nila at ang atin naman pong mga kababayan, iyong ating mga motorista, bibigyan rin natin sila ng pagkakataon na masanay sila doon sa ating toll ways, iyong tinatawag nating toll configuration. So, masasanay na po sila, na sana magpakabit na sila ng RFID at saka lagi po silang, pagbago umalis po sa ating mga kabahayan. Bago po tayo tumawid ng ating tollways, may sapat po silang load, para hindi po naaabala din naman iyong ating mga kababayan na sumusunod po doon sa patakaran. Salamat po.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Sir, magkano, sir ang minimum na puwede nating i-load?

**TRB ATTY. CARULLO:** Nagpapasa na rin kami ng kautusan na exact ano lang po, exact toll. Kung ikaw ay papasok po sa tollway, kung alam mo naman nakalagay naman po doon, kung halimbawa nakalagay doon 13 pesos, 13 pesos lang po. Wala po tayong maintaining balance. Puwede po ninyong i-load lang iyan 13 pesos, makakatawid po kayo noong tollway. So, ang tawag po namin diyan, exact load lang ang iri-require. Iyong pong dating kagawian na niri-require kayo ng five hundred, one thousand or ten thousand doon sa mga fleet card, hindi na po natin ipapatupad iyan; eksakto lang po, as minimum po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Clarificatory question from Chona.

**CHONA YU/RADYO INQUIRER ONLINE:** Sir, clarification: Walang ipapatupad, walang sisingilin na penalty hangga't hindi naaayos ang sistema?

**TRB ATTY. CARULLO:** Totoo po iyon. Iyon na rin po ay in deference po doon sa pinasang resolution ng House of Representative Committee on Transportation na huwag magpatupad muna ng paniningil ng multa hanggang hindi po naa-ayos iyong operational issues ng ating mga toll operators.

**CHONA YU/RADYO INQUIRER ONLINE:** And also, sir, iyong paglo-load hindi siya real-time na nababasa ng sistema. Like for example, ngayon ka maglo-load, hindi pa siya mababasa, like kinabukasan pa siya madi-detect.

**TRB ATTY. CARULLO:** Opo, isa po iyan sa nakita naming problema. Ang tawag po diyan iyong account management system, na ang ayon po sa ating key performance indicators, niri-require po natin ang toll operators dapat real time. Dahil lang po sa technology, nagkaroon tayo ng diyalogo sa ating mga toll operators na kailangan paigtingin nila iyong … tawag doon sa propagation sa lane level para po maging real time.

So, within the period, simula po nitong araw na ito hanggang siguro magpatupad tayo by January or onwards, iyon po isa sa kanila dapat ayusin.

**CHONA YU/ RADYO INQUIRER ONLINE:** Ano pong gagawin, sir, ng TRB kung itong mga service provider hindi ma-comply iyong mga dini-demand ninyo na services?

**TRB ATTY. CARULLO:** Mayroon po tayong isa pa ring guidelines, ang tinatawag po niyan minimum performance specification standards. Nakalagay po doon iyong mga key performance indicators na dapat makamit ng ating mga toll operators. Ngayon, kung hindi po siya makakasunod dito, may kaukulang din pong parusa or penalty, monetary penalty na ipapataw po sa ating mga toll operators.

**CHONA YU/RADYO INQUIRER ONLINE:** How much po, sir?

**TRB ATTY. CARULLO:** Sa kuwentada po namin, ang pinakamababang magiging penalty po nila ay hindi po bababa sa isang violation, mga one hundred thousand.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you. Next question, Ivan Mayrina.

**IVAN MAYRINA/GMA7:** Ibig sabihin po ba, indefinitely deferred iyong pagpapataw ng penalty sa mga insufficient load? Hindi January, kasi halimbawa ho, January malaman natin hindi pa na-resolve iyong operational systems issues, so hindi pa rin natin i-implement iyong penalties?

**TRB ATTY. CARULLO:** Ano po, pag-aaralan po namin kung sa dumating ang January natin, talagang hindi pa rin nakakamit nila iyong tinatawag natin na efficiency ng ating toll operation system, maaari po na i-defer pa natin ng further.

**IVAN MAYRINA/GMA7:** Salamat.

**PCO ASEC. DE VERA:** Next question, Katrina Domingo, ABS-CBN.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN.COM:** Sir, may we know the benchmark for you to say na efficient already iyong system nila?

**TRB ATTY. CARULLO:** Opo, ang Toll Regulatory Board, lagi po kaming nagko-conduct ng tinatawag natin na TCS (Toll Collection System) audit. So, nakikita po natin iyong … kung mababasa po ninyo iyong aming minimum performance specification standards, nakalagay po doon kung ano iyong kanilang mga kailangang ano, like for example po, ETC readability, ng benchmark po namin iyan 98%. So, as to the [unclear] propagation po, kailangan po iyan, 'yung load real time.

So, may nakalagay pong mga key performance indicators doon sa aming MPSS (Minimum Performance Specifications and Standards) na 'pag hindi po siya natupad ng ating mga toll operators, mayroon po siyang kaukulang parusa din na ipapataw sa kanila.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN.COM:** Sir, I remember a few months ago, you were summoned to a senate by Senator Tulfo. He was recommending a certain length of the queue per lane. Ilan po iyong recommended lane for you to say … na haba noong pila for you to say na it's efficient?

**TRB ATTY. CARULLO:** Dati po kasi ang nakalagay doon one kilometer ng queuing, so nagagalit po si Senator Tulfo, napakahaba noon. So, ang recommendation po namin ngayon, kung ma-approve po iyong aming revision, it will be 100 meters. So 'pag 100 meters po may toll queuing, required po silang itaas iyong barrier. So, ang magiging problema ng toll operators natin iyong ano, paano sila sisingilin kasi kung naka-barrier up, hindi nila mababasa iyong mga dumadaan motorista. Pero po kasi kung hindi natin naman lalagyan, magkakabuhul-buhol po talaga ang ating mga tollways. Kaya po from one kilometer, binaba po natin ito sa 100 meters.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN.COM:** Sir, another follow up question. At the same hearing, I remember na parang the faulty RFIDs are blamed of the wrong placement with official saying na karamihan noong mga nasisira, iyong mga nakalagay sa headlights. Will there be a ban on placing RFIDs on different parts of the vehicles except for iyong designated na nasa likod noong rear?

**TRB ATTY. CARULLO:** Opo, ang relevant guideline naman po natin iyan, iyong revised implementing rules of regulations ng ating mga tollways. So, iyon po ay magiging polisiya na po natin na ilalagay po sa windshield iyong ating mga RFID. Kasi napatunayan po natin na 'pag nilalagay po sa headlights, dahil ito po ay expose sa environment at saka sa heat kasi mainit po iyong iba, lalo na sa mga trucks, ito po ay hindi na po natin papayagan iyan.

Ang reklamo po kasi ng mga toll operators, wala pong direktang ano sa kanila kautusan kung saan ilalagay. Ngayon po, ang Toll Regulatory Board, mag-iisyu na po kami ng direktiba na from now on, ilalagay na po siya sa windshield. Iyon po ang ilalagay, para maiwasan po natin kasi nakita na po namin kung saan siya pinaka-optimum na ilagay, iyong location ng ating RFID tags.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN.COM:** Sir, ano po or magkano po iyong penalty para sa mga hindi susunod na sa windshield na ilalagay?

**TRB ATTY. CARULLO:** Ganoon din po, ang ano, may computation po iyan doon sa MPSS namin. Sabi ko nga po kanina, nag-aano kami ng calculation, mayroon po kasi siyang kaukulang penalty doon sa ating JMC na 1,000. Tapos kapag ayaw pa rin talaga, parang escalating po siya. So, tapos kapag hindi po parin tinupad, puwede po siyang mailagay din sa alarm. So nakalagay po doon JMC na kung ayaw mong maano, maari din po siyang pagdating ng panahon, hindi mo po siya puwedeng dumaan sa ating tollways kasi iyon po ang direktiba natin.

**PCO ASEC. DE VERA:** Eden Santos.

**EDEN SANTOS/ NET25-DZEC:** Sir, paano iyong mga nasa mga probinsiya lang tapos madalang lumuwas ng Metro Manila, papaano po iyong ganoong situation?

**TRB ATTY. CARULLO:** Ang mangyayari po sa kanila, gaya ng sinabi ko kanina, dapat po doon sila pumasok sa ating dedicated lane exceptional transaction. So, pagkapasok nila doon, puwede po silang magbayad ng cash, at the same time, iri-require po sila, kakabitan po sila noong RFID. Ngayon, 'pag may RFID ka na po, ngayon kung matagal kayong hindi pumunta sa Maynila, pagbalik mo, ang puwede mong bayaran lang ay iyong exact toll lang para hindi naman … kasi may tinatawag tayo—may reklamo kasi iyong mga senador doon sa cash float na parang masyadong malaki iyong naka-tenggang pera ng ating mga toll expressway user.

So, ngayon, kung taga-probinsiya ka, puwedeng pagkagamit mo mayroon ka ng RFID, puwede kang magbayad lang ng exact toll lang, iyong gusto mo lang gamitin. So, kung halimbawa, 250 lang iyong magagamit mo, kasi nakikita naman po iyan sa ating mga—bago pumasok tayo sa toll plaza, magkano iyong magagastos mo. Puwede po iyong, iyon lang ang i-load ninyo, mayroon naman po tayong mga kaukulang mga ano na ngayon, may GCash na po tayo, may iba-iba na po tayong way para mag-load ng ating RFID load.

**PCO ASEC. DE VERA:** Sam Medenilla, Business Mirror.

**SAM MEDENILLA, BUSINESS MIRROR:** Kay Usec. Baustista lang po. After po, sir—balik lang po ako doon sa modernization. After po noong consolidation phase, ano na po iyong percentage ng implementation natin noong PUV modernization program? At saka ilan na po iyong mga drivers and operators na nakapag-consolidate? At saka ilan na rin po iyong units ng e-jeeps iyong naibigay po sa kanila? Thank you.

**DOTR USEC. ORTEGA:** Siguro ako muna ang sumagot. Regarding sa consolidation, we've reached the number of 83%. Last year, it ended at 72%. December last year, noong nagbigay ng extension iyong ating Pangulo as per recommendation ni Secretary Bautista dahil mayroong gusto pang sumama, umabot po tayo ng 83%. So iyon po ang situation natin ngayon.

At ang sitwasyon po ng programa ngayon, we are in the stage po, iyong sa tinatawag na LPTRP. Ito po iyong route rationalization or nagtutulungan po ang DOTr, LTFRB at saka lahat ng LGUs for the next two years or so, aayusin po at malalaman natin kung ilan ang mga ruta with the specific number of units which will be enough for the commuters.

So ito po iyong kagandahan na gagawin natin dito. Iyong mga ruta before na marami at nalaman na natin na sobra, aayusin po natin iyong numero. Iyong mga ruta naman po na kaunti at dumami na po ang pangangailangan dahil may mga businesses na or residences, dadagdagan po. At iyong mga tinatawag po natin na developmental routes, iyong mga wala pang ruta before na kailangan nating gawin ngayon dahil may mga changes in terms of landscape, maglalagay tayo ng mga panibagong ruta with number of routes. Iyon po iyong isa sa magandang benepisyo dito ng ating programa – we will now have enough number of units in routes and we will add routes para po matugunan ang kailangan at pangangailangan ng ating mga commuters. Iyon po iyong nasa stage natin ngayon, Sam.

**SAM MEDENILLA/BUSINESS MIRROR:** I-clarify ko lang po iyong tanong ko. Bale iyong completion rate po ng program. So lagpas 50% na po ba tayo or ano pa lang tayo?

**DOTR USEC. ORTEGA:** Siguro first important stage iyon, iyong consolidation. Alam naman po natin, umabot ito ng pitong beses na extension 'no which is a very important component – consolidation – at dito po natin nakita iyong ating Pangulo, iyong ating administrasyon na talagang gusto niyang isama ang lahat ng gustong sumama, which nangyari na po. So tapos na po tayo sa first stage na consolidation. Ang stage natin ngayon, Sam, is iyong route rationalization.

Kapag natapos po itong route rationalization in two or three years, doon pa lang po papasok iyong tinatawag natin na pagtsi-change na ng mga sasakyan into modern vehicle. So siguro, in terms of percentage sa program, we are above one-third and we are now going into the second third of our program po.

**DOTR SEC. BAUTISTA:** Sam, maidagdag ko lang 'no. Maraming components itong ating public transport modernization program 'no. There are mga sampung components iyan 'no. Ang in-implement natin is iyong first component which is consolidation; second is iyong route rationalization 'no. Kapag na-implement na natin iyong route rationalization with the support and assistance of the local government, madi-determine natin iyong mga ruta na talagang magiging profitable, sustainable 'no that can support the operations of modern vehicles.

Kapag natapos na natin iyong route rationalization, nagkaroon na nung tinatawag na LPTRP or Local Public Transport Route Plan, that's the time na iri-require natin iyong mga operators na palitan na iyong mga lumang sasakyan 'no. Kasi ibig sabihin noon, puwede silang suportahan na ng mga financial institutions dahil mayroong assurance na magiging profitable iyong operations nila so they can replace the old vehicles. Iyong ang maganda sa programa natin, hindi natin pinipilit na palitan kaagad iyong mga lumang sasakyan as long as these are road-worthy.

So iyon ang isa 'no. Kapag natapos na nga natin iyong route rationalization, ito na iyong modernization na may kaakibat na pagtulong ng gobyerno, nandiyan iyong financial aspect of the modernization

program, iyong financing, equity subsidy. And, of course, iyong pagri-retire ng mga old vehicles, mayroon din tayong programa niyan 'no kapag halimbawang kailangan na nating palitan 'no. Kasi dapat makuha rin iyong tamang value ng mga lumang sasakyan para matulungan iyong mga operators.

Kaya ito, napakagandang programa, kaya talagang gusto namin itong ipa-implement. Although it will take really sometime 'no; hindi natin mai-implement nang kaagad-agad, kailangan ng tamang pag-aaral at kailangan ng suporta ng napakaraming agencies sa gobyerno. Kaya kami nga ay nananawagan kami sa ating Kongreso na sana ay suportahan itong program natin na ito.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you, Secretary. We can accommodate last two questions. Okay, last three questions, let's go with Vanz Fernandez, Police Files.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Sir, ano po ang dapat nating ayusin para sa inter-operability ng mga tollways sa north at south?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** Sa ngayon po, para po sa ating kaalaman, ang Toll Regulatory Board, together with the toll operators po, nakapag-conduct na po kami ng tinatawag na POC Testing or Proof of Concept Testing. So naka-tatlong POC testing na po kami ngayon. Ang schedule po namin sana, by October ay makapag-fourth POC Testing na kami.

Ang isa po sa nakikita naming kailangang ayusin ay iyong, iyon nga po, sa AMS, iyong sa Account Management System, iyong pagdyi-generate ng load natin sa lane level. So at this time po, ang average po kasi nila wala sa KPI na ating niri-require. So because of that, iyong isa pong grupo ng tollway operators, nag-request po sa TRB na i-defer iyong implementation ng inter-operability because they have to fine-tune their system.

So kapag natapos po iyong fine-tuning nila, hopefully by October po ay makapag-fourth POC Testing na po kami. At tapos, magkakaroon din po kami ng dry-run, hopefully, from October to end of the year, makapag-dry-run po kami ng mga sistema nila na kung saan isa na lang po iyong RFID wallet at saka RFID. So kapag po sa tingin namin ay may comfort level na po tayong mag-implement, come January o February 2025 ipapatupad na po natin iyong inter-operability phase 3 ng ating Toll Regulatory Board, iyong tinatawag natin na "One Wallet, One RFID" na lang po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you. Next question, Kat Domingo.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Sir, if we based it on a percentage, 4.8% ng motoristang walang RFID seems to be a low number. But then actual numbers, how many vehicles or motorists is that?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** About 100,000, so malaki pa rin iyong ating walang ano. Kaya humihingi po kami, pinapakiusapan po natin iyong ating mga tollway express users na wala pang RFID, magpakabit na po kayo ng RFID sa lalong madaling panahon. At saka po iyon namang may mga RFID na, pinapakiusap din po namin sana na ayusin po ninyo iyong mga data ninyo doon sa ating mga toll operators kasi kapag po tayo ay nagpa-implement na ng JMC at lahat ng aming guidelines, for example po iyong pagbibigay ng

monthly statement of account, kung mali po iyong cellphone number ninyo or mali po iyong email address ninyo, hindi po ninyo matatanggap iyong mga SOA.

So nakikiusap po kami sa ating mga motorista, sana po iyong tinatawag natin na mga data or mga specific details ng kanilang mga contact numbers sa ating mga toll operators ay paki-update na lang po or paki-ayos. Salamat po.

**KATRINA DOMINGO/ABS-CBN:** Sir, itong 100,000, ano po iyong reason na binibigay nila bakit ayaw nilang magpakabit ng RFID?

**TRB EXEC. DIR. ATTY. CARULLO:** Ang karaniwang pong niri-reason nila, kaparehas po ng ating mga pangkaraniwang motorista ay hindi pa naman po pinapatupad nang todo iyong ating cashless transaction along tollway, so hindi pa sila nagpapakabit ng RFID. At iyon namang iba po, mayroon talaga sa ating mga motorista na parang ang pananaw nila ay kapag nagkaroon sila ng RFID, iri-require na silang magkaroon ng maintaining balance. So iyon pong ating mga kababayan na kakaunti rin ang kita, umiiwas po silang matengga iyong pera nila doon sa load kaya nga po nag-device po ang Toll Regulatory Board na from now on, hindi na po natin iri-require na may maintaining balance kung hindi, puwede po silang magkarga kahit exact toll basta po may RFID sila at sufficient iyong … kahit tamang-tama lang po iyong i-load nila RFID load para makatawid po sa ating mga tollways.

**LTO CHIEF ATTY. MENDOZA II:** Dagdagan ko lang po 'no kasi napag-usapan iyong datos or impormasyon tungkol sa motorista 'no, ang LTO po, para ho madalian po ang ating publiko, magtatayo po kami ng mga mobile offices sa mga expressway para po iyong mga gustong magbago ng address o number, doon na lang ho sila pupunta. Iyong mga ayaw nang pumunta sa distrito para kunin iyong plaka nila o sa dealer nila 'no, puwede na ho nilang makuha iyong plangka diyan sa may expressway na iyan, doon namin sisimulan iyan. It's really a collective effort 'no para madalian ang buhay ng ating mga motorista. But at the same time, kasi maganda iyong programa eh, mawawala iyong pila sa entrance 'no. So gusto naming mapatupad ito sa lalong madaling panahon na hindi naman sila nahihirapan.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you. Last question, Zacarian Sarao, Inquirer.net.

**ZACARIAN SARAO/INQUIRER.NET:** For LTFRB po. Tanong ko lang po, paano po ba minu-monitor ng LTFRB iyong mga stranded, kung mayroon?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Unang-una po, may Inter-Agency Tigil-Pasada po na nagmu-monitor po niyan, together with MMDA at saka DOTr po. So alam po namin kaagad kung saan ho iyong area na may posible hong namumroblema sa kakulangan po ng mga jeepney. Sa ngayon po, ikinagagalak ko hong masabi sa inyo na wala pa pong stranded na pasahero, and hopefully po matapos iyong two-day strike nila na wala ni isang ma-stranded na pasahero.

**ZACARIAN SARAO/INQUIRER.NET:** Pero mayroon pong mga images sa social media na kaninang rush hour po noong umaga ay mayroon na pong mga sinasabing stranded. So hindi po ito totoo?

**LTFRB CHAIRPERSON ATTY. GUADIZ III:** Unang-una po, iyong mga sinasabing stranded ho, these are the regular traffic on a Monday. Marami po iyong pasahero, kakaunti ho talaga iyong mga jeepneys pa sa daan dahil nata-traffic ho. These are regular traffic scenes; hindi ho ito stranded na mga pasahero.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you. Before we close, may we ask Secretary Bautista for some statements?

**DOTR SEC. BAUTISTA:** Maraming salamat, Asec. Dale. And salamat sa lahat ng mga members ng Malacañang Press Corps for the opportunity for the Department of Transportation and the attached agencies to update you on a very important developments in our sector.

Iyon pong PUV Modernization Program ay talagang napakaimportanteng proyekto 'no. Ito po ay ipapatupad natin, supported po ito ng ating mga mahal na Pangulo; supported din ng maraming miyembro ng Congress at ng Senado kaya kami po sa Department of Transportation, gagawin namin ang lahat para ma-implement ito nang maayos.

Iyon naman pong Joint Memorandum Circular 01, kami ay natutuwa na although we will defer the implementation 'no, nakita namin, ako personally, nakita ko na napakarami nang nagkakabit ng RFID. Every time na dadaan ako sa ating mga tollways, nakikita ko na marami nang nagpapakabit ng RFID. And ito ay nangangahulugan lang na marami ring susuporta dito sa programa na ito 'no.

Kung ang tinitingnan natin ay less than four percent 'no, and for the last siguro two months that we have introduced this JMC, siguro iyong dating four percent baka nasa mga three to two percent na lang iyan. And ipagpapatuloy po namin iyong aming campaign na magkaroon ng RFID sana lahat ng ating mga motorista lalung-lalo na dito sa Metro Manila.

And doon sa mga hindi naman talagang gagamit, na paminsan-minsan lang, na-address din po natin iyong kanilang concern by having still this lane for exceptional transactions.

So maraming salamat at sana ay tulungan ninyo kami na ipaabot sa ating mga mananakay at sa ating mga motorista itong mga programang ito ng Department of Transportation, ng Land Transportation Office, ng LTFRB at ng Toll Regulatory Board. Thank you and good morning.

**PCO ASEC. DE VERA:** Thank you very much, Secretary Bautista.

At dito na po nagtatapos ang ating press briefing ngayong araw. Again, thank you, Secretary Bautista and to the officials of DOTr and its attached agencies. Thank you, Malacañang Press Corps. Magandang tanghali po.

##